Pangalan: Jessor Nur Francisco
Paksa ng Khutbah: “Sabr ng isang Ina at Ama”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 12, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Siyam na buwan tayong dinala at inalagaan ng ating ina sa kanyang sinapupunan. Nagtitiis siya ng hirap, nahihirapang kumilos, at pilit na nag-iingat sa abot ng kanyang makakaya upang tayo ay maprotektahan at hindi masaktan. Hindi natin nalalaman ang lahat ng ito habang tayo ay nasa kanyang sinapupunan. Hindi rin natin nababatid na may isang Mundong nakaabang para sa atin bago ang ating pagsilang—isang daigdig ng liwanag, tunog, at damdamin na taliwas sa tahimik at madilim na sinapupunan. Isang Mundo kung saan magsisimula ang ating paglalakbay bilang mga nilikha ni Allah. Isang Mundo na itinuturing na “Paraiso” para sa hindi mananampalataya, ngunit isang “Bilangguan” para sa mga pinili at ginabayan ni Allah sa landas ng Islam. Bago natin nasilayan ang Mundong ito, isipin natin ang hirap at sakripisyong dinanas ng ating ina upang tayo ay mailuwal. Minsan ang iba ay binabawian pa ng buhay dahil sa hirap na kanilang pinagdaanan. Hindi alintana ang panganib sapagkat ang mahalaga’y maisilang nila ang kanilang magiging anak sa Mundong ito.

O tayong mga mananampalataya! Sino tayo para hindi natin mahalin nang lubos ang ating mga ina? Marapat lamang na suklian natin ang kanilang sakripisyo ng utang na loob, pagmamahal at respeto. Sila’y igalang at protektahan ang

kanilang damdamin. Atin silang mahalin at alagaan kapag sila ay nagkakasakit, lalo na sa panahon ng kanilang kahinaan. Sila ang nagpasuso at nag-aruga sa atin noong tayo ay mga sanggol pa lamang at wala pang muwang.

Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ وَوَصَّيْنَا الْإِنسَانَ بِوَالِدَيْهِ حَمَلَتْهُ أُمُّهُ وَهْنًا عَلَىٰ وَهْنٍ وَفِصَالُهُ فِي عَامَيْنِ أَنِ اشْكُرْ لِي وَلِوَالِدَيْكَ إِلَيَّ الْمَصِيرُ﴾ لقمان: 14

***"Kami ay nagtalaga sa tao ukol sa kanyang mga magulang. Ipinagbuntis siya ng kanyang ina sa kahinaan na sinundan ng kahinaan at sa pagpapasuso sa kanya ng dalawang taon. Magpasalamat sa Akin at sa iyong mga magulang, tungo sa Akin ang inyong hantungan.***" (Luqman: 14)

Mga kapatid sa pananamapalatayang Islam, ating pakamahalin at ingatan ang ating mga ina habang sila ay atin pang kasa-kasama dito sa Mundo. Gayundin ang ating gawin sa ating mga ama kung sila ay mga buhay pa. Sapagkat sila, na ating mga magulang ay naghirap sa pag-aaruga at pagapalaki sa atin mula sa ating pagkamusmos hanggang sa tayo ay nagkaisip. Atin silang tratuhin ng tama, atin silang intindihin at unawain at huwag tayong maging arogante, lapastangan, at pabaya sa ating mga magulang na pinagkakautangan natin ng ating buhay.

May isang lalaki na nagtanong sa Propeta (sallallaahu 'alayhi wa sallam):

جَاءَ رَجُلٌ إِلَى رَسُولِ اللَّهِ صلى الله عليه وسلم فَقَالَ يَا رَسُولَ اللَّهِ مَنْ أَحَقُّ بِحُسْنِ صَحَابَتِي، قَالَ: "أُمُّكَ" قَالَ ثُمَّ مَنْ قَالَ "أُمُّكَ" قَالَ ثُمَّ مَنْ قَالَ "أُمُّكَ" قَالَ ثُمَّ مَنْ قَالَ "ثُمَّ أَبُوكَ" وَقَالَ ابْنُ شُبْرُمَةَ وَيَحْيَى بْنُ أَيُّوبَ حَدَّثَنَا أَبُو زُرْعَةَ مِثْلَهُ. (أَخْرَجَهُ الْبُخَارِيُّ وَمُسْلِمُ)

*"Isang lalaki ang lumapit sa Sugo ni Allah at nagtanong, "O Sugo ni Allah, sino ba ang higit na karapat-dapat kong pakisamahan sa mga tao?" Ang Sugo ni Allah ay sumagot, "Ang iyong ina". Ang lalaki ay muling nagtanong, "Sino ang sumunod na taong karapat-dapat kong pakisamahan? Ang Sugo ni Allah ay sumagot, "Ang iyong ina". Ang lalaki ay muling nagtanong sa ikatlong pagkakataon. "Sino ang sumunod?" Ang Sugo ni Allah ay nagsabi, "Ang iyong ina". At sa ika-apat na pagtatanong, "sino ang sumunod?" Ang Sugo ni Allah ay sumagot, "Ang iyong ama."* (Inulat nina Al-Bukhari at Muslim)

O mga kapatid, sino tayo sa paningin ni Allah kung tayo ay lapastangan, nagmumura, nagsisinungaling, nagmamayabang, mareklamo, nanghihiya, nangungutya, nanunumbat, mapagmataas, walang galang at respeto sa ating mga ina? Na atin sinasaktan ang kanilang mga damdamin. Tayo ba ay kinalulugdan ni Allah kapag ganito ang ating asal sa babaing nagsilang sa atin sa Mundong ito? Kailan tayo magpapakumbaba, kailan pa natin sila yayakapin, hahagkan at lalambingin? Kapag sila ba ay matanda na at sila'y mahihina na?

Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ وَقَضَىٰ رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ وَبِالْوَالِدَيْنِ إِحْسَانًا ۚ إِمَّا يَبْلُغَنَّ عِندَكَ الْكِبَرَ أَحَدُهُمَا أَوْ كِلَاهُمَا فَلَا تَقُل لَّهُمَا أُفٍّ وَلَا تَنْهَرْهُمَا وَقُل لَّهُمَا قَوْلًا كَرِيمًا ﴾ الإسراء:23

***"Nag-utos ang Panginoon mo na huwag kayong sumamba maliban sa Kanya at ng pagmamagandang-gawa sa mga magulang. Kung aabutan nga sa piling mo ng katandaan ang isa sa kanilang dalawa o ang kapwa sa kanilang dalawa ay huwag kang mangusap sa kanilang dalawa ng nakasusuya at huwag kang bumulyaw sa kanilang dalawa. Magsabi ka sa kanilang dalawa ng salitang marangal."*** (Al-Isra: 23)

Mga alipin ni Allah, habang malalakas pa at kasama pa natin ang ating mga ina at ama, tayo ay humingi sa kanila ng kapatawaran kung tayo ay may nagawang kasalanan sa kanila, at ating punan kung tayo ay may pagkukulang sa kanila. Hindi habang panahon ay kasama natin sila. Si Allah Subhanahu Wa Ta'ala ang nagmamay-ari ng ating buhay, Siya lamang ang nag-iisang Diyos na may kakayahan na pahintuin o ipagpatuloy ang ating buhay. Kaya ating sikapin na maging mabuting mga anak sa ating mga ina at gayundin sa ating mga ama kung sila ay atin pang kasama.

أَقُولُ قَولِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Si Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay nagsabi sa isang tanyag na salaysay: “Ang Paraiso ay nasa paanan ng iyong Ina.” Kaya, mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ating pahalagahan at bigyang halaga ang ating mga ina upang tayo rin ay magtagumpay sa kabilang-buhay.

Maging kalugod-lugod tayo sa Paningin ni Allah sa pamamagitan ng mabuti nating pakikitungo sa ating mga magulang. Obligasyon nating mahalin sila, alalayan, suportahan, at bigyan ng kaukulang atensyon, may karamdaman man sila o wala. Dapat natin silang pakamahalin, tulungan, pangalagaan, at protektahan sa abot ng ating makakaya hindi lamang bilang ganti sa lahat ng hirap at sakripisyong ginawa nila sa pagpapalaki sa atin, kundi bilang pagsunod sa Utos ni Allah na sila ay pakitunguhan nang mabuti.

Kung sakali man na ang ating mga magulang ay nagkaroon ng pagkukulang o nagawa ang anumang pagkakasala laban sa atin, hindi ito kailanman magiging dahilan upang hindi natin sila tratuhin nang may kabutihan. Huwag nating pagsalitaan ng masasakit na salita ang ating mga magulang, sa halip ay pairalin natin ang paggalang, pagpapakumbaba, at pang-unawa.

Matakot tayo kay Allah! Matakot tayo sa Kanyang mga parusa. At para sa ating mga ina at ama, maging sa ating mga anak, nararapat na sila ay gabayan natin sa landas ni Allah—ang landas ng Relihiyong Islam. Sikapin nating mamuhay bilang mga mabubuting Muslim na may tunay na takot at pagmamahal kay Allah Subhanahu Wa Ta'ala. Sundin natin ang lahat ng Kanyang ipinag-uutos at iwasan ang mga bagay na ipinagbabawal Niya.

Nawa’y gabayan at patnubayan tayo ng ating Dakilang Tagapaglikha sa Mundong ito, sa ating huling hantungan, sa kabilang-buhay, at sa Araw ng Kanyang Paghuhukom. Lagi nating isama sa ating mga Du’a ang ating mga magulang, mga anak, kaibigan, kakilala, at mga kamag-anak. Idalangin natin na makasama natin sila sa mataas na antas ng Paraiso. Mga kapatid, kung nais

nating magtagumpay sa Mundong ito at sa kabilang-buhay, tratuhin natin nang mabuti at may pagmamahal ang ating mga magulang.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***